



KODIAK AREA NATIVE ASSOCIATION

MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN

MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG PASYENTE

I. Mga Karapatan ng Mga Taong Pinaglilingkuran

May mga sumusunod na karapatan ang mga taong pinaglilingkuran sa Kodiak Area Native Association:

1. Makatanggap ng karapatan at magalang na mga serbisyo nang walang pang-aabuso, kapabayaan, pananamantala o panghihiya.
2. Makatanggap ng pangangalaga sa ligtas at pribadong setting na walang tabako, alak, at droga.
3. Makatanggap ng komunikasyon sa wika o paraang pangunahing ginagamit mo mula sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang tauhan.
4. Makilahok sa mga desisyon tungkol sa iyong paggamot, kung posible.
5. Makatanggap ng kompletong impormasyon, sa nalamang antas, na nauugnay sa iyong pagtatasa, pagsusuri, diagnosis, paggamot at prognosis at para makuha ang impormasyong ito sa loob ng makatuwirang yugto ng panahon para magbigay-daan sa paggawa ng desisyon.
6. Mabigyang-kaalaman tungkol sa mga sersbisiyong available sa KANA at sa mga oras ng pagpapatakbo nito, pati sa pagiging available ng mga serbisiyong pang-emergency at nauugnay na bayarin at inaasahan sa pagbabayad para sa mga serbisiyong iyon.
7. Mabigyan ng sapat na panahon para sa paggawa ng desisyon tungkol sa mga serbisyo para sa iyong pangangalagang pangkalusugan.
8. Tumanggi sa mga serbisyo, maliban kung walang kakayahan.
9. Tumangging lumahok sa pananaliksik. Susunod sa mga naaangkop na alituntunin at etika ang lahat ng pananaliksik.
10. Humiling ng impormasyon tungkol sa Mga Paunang Direktiba gaya ng kinakailangan ng mga batas at regulasyon ng estado o pederal na pamahalaan.
11. Malaman ang pangalan at mga kredensyal ng iyong mga provider at malaman kung sinong provider ang pangunahing responsable para sa iyong pangangalaga.
12. Magpalit ng provider kung available ang iba pang kwalipikadong provider.
13. Maghain ng reklamo o karaingan, o magbigay ng feedback nang hindi nag-aalala tungkol sa paghihiganti o panghihiya. Maaaring hilingin mula sa front desk ang form ng karaingan ng pasyente/kliyente. Maaari ding ibigay ang feedback ng pasyente nang walang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng Survey sa Karanasan ng Pasyente ng KANA na makikita sa: <https://kodiakhealthcare2.feedtrail.com/9842>. Kung gusto mong maghain ng karaingan sa Estado, maaari kang tumawag sa 907-269-8124. Para makipag-usap sa Ombudsman ng Medicare, tumawag sa 1-800-633-4227.
14. Suriin ang o humiling ng kopya ng iyong mga rekord sa kalusugan. Tatanggapin ang mga kahilingan sa loob ng 30 araw.
15. Humiling ng pagbabago ng iyong rekord sa kalusugan.
16. Humiling ng mga serbisyo sa pagtataguyod o self-help na suporta.
17. Pagkakumpidensyal - Inaatasan ng batas ang KANA na lubos na pangalagaan kung ano ang sinasabi mo sa amin. Pinipigilan kami ng aming mga patakaran sa pagkakumpidensyal at pagkapribado na magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyo nang wala ang pahintulot mo. Gayunpaman, may ilang pagbubukod na mag-aatas sa aming magbahagi ng impormasyon nang walang pahintulot. Nakalista sa ibaba ang ilang karaniwang halimbawa:

- a. Sa panahon ng medikal na emergency,
 - b. Kapag nasa pisikal na panganib ka o ang iba pang tao,
 - c. Pinaghihinalaang pang-aabuso o kapabayaang sa bata o nanganganib na nasa hustong gulang,
 - d. Paggamot, pagbabayad at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan (Sumangguni sa Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado na available sa desk ng pagpaparehistro),
 - e. Mga utos ng hukuman, at
 - f. Pagsasaayos ng Pangangalaga - Maaaring kailanganin ng KANA at iyong mga provider sa kalusugan na talakayin ang pangangalaga sa iyo.
18. May karapatan ang mga pasyenteng nagbabayad para sa sarili o walang insurance na makatanggap ng Pagtatantyang Batay sa Magandang Dahilan (Good Faith Estimate) para sa kabuuang inaasahang gastos sa anumang hindi pang-emergency na item o serbisyo.

Dapat kang lumagda ng form ng Paghahayag ng Impormasyon (Release of Information, ROI) para makapaghayag ang KANA ng impormasyon sa sinumang hindi nakakatugon sa mga pamantayan sa itaas. Kasama rito ang mga kamag-anak bukod sa mga magulang/legal na tagapag-alaga.

Iuulat pabalik sa hukuman, Departamento ng Hustisyang Pambata (Department of Juvenile Justice, DJJ), Tanggapan para sa Mga Serbisyo sa Bata (Office of Child Services, OCS), atbp., ang pagdalo at paglahok ng mga kliyenteng minandato sa paggamot kapag may nilagdaan nang naaangkop na ROI.

II. Mga Responsibilidad ng Mga Taong Pinaglilingkuran

Bago tumanggap ng pangangalaga sa Kodiak Area Native Association, ipinapaalam sa mga taong pinaglilingkuran ang tungkol sa kanilang mga responsibilidad na:

1. Magbigay ng tumpak at kompletong impormasyon tungkol sa:
 - a. Dating karamdaman o mga pagpapaospital,
 - b. Mga gamot, kasama ang mga over-the-counter na gamot at halamang-gamot o pandiyetang suplemento,
 - c. Mga Paunang Direktiba, medikal o psychiatric na kapangyarihan ng abogado o anumang iba pang direktibang posibleng makaapekto sa pangangalaga,
 - d. Mga allergy o sensitivity,
 - e. Kasaysayan ng pang-aabusong medikal, sa kalusugan ng pag-iisip, o paggamit ng kontroladong kemikal ng sarili o pamilya, at
 - f. Coverage ng insurance at mga alternatibong mapagkukunan ng pananalapi.
2. Tumanggap ng pinansyal na pananagutan para sa mga singil na hindi saklaw ng Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Mga Indian (Indian Health Service, IHS) o provider ng insurance mo.
3. Magtanong tungkol sa mga serbisyo at nauugnay na singil na hindi saklaw.
4. Tratuhan ang mga tauhan at iba pang taong pinaglilingkuran nang may kagandahang-loob at paggalang. Maaaring maging batayan para sa pagka-discharge mula sa pangangalaga ang paggamit ng hindi naaangkop na wika, pagtaas ng iyong boses, o pagbabanta sa mga tauhan o bisita at/o maaari nitong limitahan ang mga serbisyong maibibigay.
5. Makipagtulungan sa pag-a-apply para sa at pagkuha ng mga alternatibong mapagkukunan para sa pagbabayad para sa mga ibinigay na serbisyo.
6. Humiling ng iba pang provider kung pakiramdam mong hindi ka matagumpay na makakabuo ng maayos na ugnayan.
7. Sumunod sa mga patakaran ng KANA tungkol sa pagbabawal sa tabako, droga, karahasan, at lahat ng nauugnay na patakaran ng KANA.

8. Igalang ang mga provider at iba pang kliyente sa pamamagitan ng pagpunta sa lahat ng appointment o pagpapaalam sa amin sa loob ng 24 na oras bago ang iyong appointment kung hindi ka makakapunta sa iyong mga appointment.
9. Magtanong tungkol sa anumang hindi mo nauunawaan.
10. Lumahok sa proseso ng paggamot at pagbuo ng iyong plano ng paggamot.
11. Magsaad ng responsableng nasa hustong gulang na mag-uuwi sa iyo mula sa mga pasilidad ng KANA at sasamahan ka sa loob ng 24 na oras, kung kinakailangan ng provider.
12. Tumawag isang linggo bago maubos ang mga reseta. Maglaan ng 72 oras para mapunan ang mga reseta.

III. Mga Prinsipyo ng aming Medikal na Tahanang Nakasentro sa Pasyente

Tinutukoy ang Kodiak Area Native Association bilang Medikal na Tahanang Nakasentro sa Pasyente (Patient-Centered Medical Home, PCMH) at ipinapatupad nito ang mga prinsipyo ng Medikal na Tahanan ayon sa sumusunod:

1. **Hindi nagbabago at nagpapatuloy** sa pamamagitan ng pagtiyak na may nagpapatuloy na ugnayan ang bawat pasyente sa personal na medikal na provider ng pangunahing pangangalaga at team sa pangangalaga na sinanay na magbigay ng nagpapatuloy at komprehensibong pangangalaga.
2. **Oryentasyon sa buong tao** kung saan responsable ang provider ng pangunahing pangangalaga sa pagbibigay ng lahat ng pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng pasyente o pagiging responsable sa angkop na pagsasaayos ng pangangalaga sa iba pang kwalipikadong propesyonal. Kasama rito ang pangangalaga para sa lahat ng yugto ng buhay; pangangalaga para sa malubhang sakit; pangmatagalang pangangalaga; mga serbisyong pang-iwas; at pangangalaga sa pagtatapos ng buhay.
3. **Pagsasaayos ng pangangalaga** sa lahat ng elemento ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan at komunidad ng pasyente ng aming team; para isama ang paggamit ng mga elektronikong rekord at sistema ng kalusugan para makipag-ugnayan sa iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, tiyaking nakukuha ng mga pasyente ang kinakailangang pangangalaga kapag kailangan nila ito, at isinasagawa ang pangangalagang ibinibigay sa paraang angkop sa kultura at wika.
4. Ang **kalidad at kaligtasan** ay mga tanda ng medikal na tahanan sa pamamagitan ng paglahok sa nagpapatuloy na pagsusuri ng sarili, pagsusuri ng kasamahan, at edukasyon para patuloy na mapahusay ang aming pangangalaga at mga serbisyo.
5. Available ang **pinahusay na access sa pangangalaga** sa mga oras ng klinika sa Sabado para sa medikal na pangangalaga sa Mill Bay Health Center, appointment sa parehong araw, at appointment na hanggang 6pm. Kung lagpas sa oras ng negosyo, available ang Linya para sa Payo ng Nars Pagkatapos ng Oras ng Negosyo (After Hours Nurse Advice Line): (907) 486-9870.
6. **Pakikilahok ng pasyente** sa pamamagitan ng paggalang sa mga pinahahalagahan ng pasyente at pamilya at mga pangangailangang ipinapahayag.
7. **Pagsuporta sa mga layunin ng pasyente** sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta sa bawat pagpapatingin para sa paggawa ng layunin at pagpapalano ng pagkilos, para tulungan ang mga pasyente sa pagkamit ng kanilang mga layuning pangkalusugan.
8. Ibinibigay ng mga team sa pangangalaga ang **pangangalagang nakabatay sa katibayan** na nakakasunod sa malalaking medikal na pananaliksik para mapakinabangan ng mga pasyente ang mga pinakabagong rekomendasyong pangkalusugan.
9. **Karanasan ng pasyente** sa pamamagitan ng paghingi ng feedback mula sa aming mga pasyente at kanilang mga tagapag-alaga tungkol sa kanilang karanasan sa pangangalagang pangkalusugan, at paggamit ng mga tugong iyon para sa pagpapahusay ng kalidad.

Na-update noong 7/2023